Nasindak namin ang isang kuneho sa lugar na " Mar Dhahran" hinabol ito ng mga tao ngunit napagod sila,

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allah sa kanya.siya ay nagsabi: ((Nasindak namin ang isang kuneho sa lugar na " Mar Dhahran" hinabol ito ng mga tao ngunit napagod sila,at inabutan ko ito at hinuli ko,dinala ko ito kay Abe Talhah,kinatay niya ito,at ipinadala niya sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang balakang nito at ang dalawang hita nito,at tinanggap niya ito))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang mga kasamahan nito ay nasa gitna ng paglalakbay,at marahil ay nakapagpahinga na sila noon sa lugar na ito na tinatawag na Mar Dhahran,Katotohanang nagpahinga sa lugar na ito ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sampu ng kanyang mga kasamahan sa taon ng Al-Fath [Pagtagumpay sa Meccah],nasindak nila ang isang kuneho,ito ang kahulugang,nasindak namin,hinabol ito ng mga tao upang huliin,,Nagsabi siya: napagod sila,at inabutan ko ito,At si Anas bin Malik sa mga oras na yaon ay nasa panahon ng kanyang pagbibinata,hinuli niya ito at dinala niya sa asawa ng nanay niya,na si Abu Talhah-malugod si Allah sa kanya-kinatay niya ito at ibinigay niya bilang regalo sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang balakang nito,tinanggap niya ito at marahil ay kumain siya rito.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/2958